Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
**PUERTO PRINCESA CITY**
South National Highway, Bgy. Sta. Monica Puerto Princesa City
Email Address: cenropuertoprincesa@denr.gov.ph
Tel. Fax No.: (048) 717-0702

October 3, 2023

**MR. ARMANDO STA. ANA ET. AL.**
Brgy. Irawan, Puerto Princesa City

RECEIVED BY:
AMANDO SANTA ANA
10-6-2023

**Dear Mr. Sta. Ana,**

Isang Makakalikasang Pagbati!

Ito ay kaugnay sa inyong liham na ipinarating kay President Ferdinand R. Marcos, Jr. kaugnay sa sulat ng City ENRO upang kusang-loob na gibain at alisin ang lahat ng straktura na inyong itinayo a loob ng Palawan Flora, Fauna and Watershed Reserve (PFFWR).

Ayon sa inyong liham, kayo ay isang samahan na naging kabahagi ng Programang Impapay Irawan Agro- Forest Development Project (Kilusang Kabuhayan at Kaunlaran –KKK) na isang kabahagi ng programang Palawan Integrated Area Development Project (PIADP) na matagal ng natapos. Ayon sa mga dokumentong inyong pinanghahawakan, ang kontrata ninyo sa PIADP ay upang magtanim ng mga puno at walang anumang probisyon sa kontrata ninyo na ang lupaing inyong tinaniman ay ipagkakaloob sa mga myembro ng organisasyong nagtanim.

Ayon sa record ng aming opisina, ang lugar na inyong inuukupa ay napapaloob sa klasipikasyon na **FORESTLAND** at ito ay nasa loob ng Proclamation No. 2221 series of 1982 **"Declaring as Palawan Flora, Fauna and Watershed Reserve."** Ang pamamahala sa PFFWR ay ibinigay sa Local Government ng Puerto Princesa City kung kaya sila ang sumulat sa inyo upang lisanin ang lugar. Ito ay dahil nais nilang mapangalagaan ang lugar lalong lalo na ito ay watershed area.

Kaugnay po sa inyong nabanggit na Presidential Proclamation 2282 ng 1983, malinaw na ito po ay binawi din ng dating Presidente Corazon Aquino noong 1986 sa pamamagitan ng Memorandum Order No. 17. Ibig sabihin hindi nagkaroon ng reclassification ng lupang inyong tinutukoy.

Malinaw din po sa Memorandum Order No. 107 ni dating Presidente Fidel V. Ramos, kung anu lang ang mga lupang nareclassify ayon sa Proclamation 2282. Ito po ay ang sumusunod:

> *Sec. 1. All lands covered by Proclamation No. 2282 which were reclassified as alienable and disposable agricultural lands prior to 29 March 1983 and used or administered by the KKK-NLSF as agricultural lands shall remain alienable and disposable agricultural lands.*
>
> *Sec 2. All lands actually classified as agricultural land prior to the effectivity of Proclamation No. 2282 and used or administered by the KKK-NLSF as agricultural land shall be turned over to the Department of Agrarian Reform for disposition to farmer-beneficiaries in accordance with Executive Order No. 407.*

Malinaw po kung anong mga lupain lang ang nareclassify ayon sa Proclamation 2282 at ito ay nabigyan na ng Department of Agrarian Reform (DAR) ng mga titulo. Maliwanag na ang lugar na inyong inuukupa ay hindi kasama sa na reclassify kung kaya kayo ay hindi nabigyan ng titulo ng DAR. Sa ngayon, sa hangaring mapangalagaan at maprotektahan ang PFFWR at upang mapanatiling maganda ang supply ng tubig ng Puerto Princesa City, kaya nais ng pamunuan na alisin ang mga nakatira sa loob ng PPWR lalo na ang nasa core zone na kung saan doon kayo napapaloob.

Hanggad po naming na nalinawan kayo sa inyong mga problemang idinulog sa Presidente.

DENR MIMAROPA REGION
CENRO PUERTO PRINCESA
RELEASED
NO: 2870
DATE: 10-4-23
BY:

Ang inyong lingkod,

ALEXANDER E. MANCIO
OIC-CENRO PPC, PALAWAN

Cc: DENR Action Center/ Hotline 8888